# Mga Bakuna

## Para sa mga Bata na nasa Edad na ng Pag-aaral



Ang mga bakuna ay napakahalaga sa pagprotekta sa mga bata laban sa malubhang sakit. Sa California, bago magsimula sa paaralan o pinag-aalagaan ng bata, ang bawat bata, bagong rehistro man o lumipat, ay kailangang mayroong kumpletong talaan ng kanilang pagpapabakuna na ibinigay ng kanilang mga magulang. Sa pamamagitan ng ganap na pagpapabakuna, ang mga bata ay hindi lamang pinoprotektahan ang kanilang sarili kundi sinisigurado din ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mga kaklase at guro.



Ang mga bakunang ito ay ginagamit sa loob ng ilang dekada at ligtas sa pag-pigil sa mga sakit sa pagkabata, tulad ng tigdas, biki at bulutong, at maaaring makatulong na itigil ang pagkalat ng mga impeksyon sa paaralan at sa bahay. Nasubok na sila ng lubusan upang masigurado na nabibigyan nila ang iyong anak ng pinakamalakas proteksyon kaysa sa kung hindi sila nabakunahan man lang.

Para sa pinakamalawi na proteksyon, dapat manatiling naapanahon ang mga bata sa lahat ng kanilang mga bakuna – kabilang na ang mga nagpoprotekta sa kanila laban sa trangkaso at COVID-19.


## Anong mga Bakuna ang Dapat Kunin ng Aking Anak?

**Para sa TK/K hanggang 12th grado:**

- **Bakuna sa DTaP:** Ang mga batang wala pang 7 taong gulang ay nangangailangan ng maraming dosis upang maprotektahan laban sa diphtheria, tetanus at dalahit na ubo, na lalong mapanganib para sa mga sanggol.
- **Bakuna sa Hepatitis B:** Ito ay isang dalawa o tatlong dosis na mga serye na inirerekomenda para sa lahat upang mapigilan ang kanser at sakit sa atay na dulot ng Hepatitis B virus.
- **Bakuna sa Polio:** Ang bakunang ito ay epektibo sa pagprotekta sa mga bata laban sa malubhang sakit na ito na maaaring maging sanhi ng habambuhay na pagkalumpo.
- **Bakuna sa MMR:** Kumuha ng dalawang dosis para sa pinakanakakapagprotekta laban sa mga madaling maihawang mga sakit: tigdas, biki at tigdas-hangin [rubella] (tigdas Aleman [German measles]).
- **Bakuna sa Bulutong:** Ito ay isang serye na may dalawang dosis na ibinibigay sa mga bata upang mapigilan ang matuling nakakahawang sakit na ito na nagiging sanhi ng isang makati at paltos na parang pantal.
- **Bakuna sa Trangkaso:** Dapat mong makuha ito taun-taon, lalo na sa taglagas, upang mabawasan ang panganib ng pagkuha ng trangkaso.

# Mga Bakuna

## Para sa mga Bata na nasa Edad na ng Pag-aaral



- **Bakuna sa COVID-19:** Ang bakunang ito ay binabago paminsan-minsan upang maprotektahan laban sa pinakabagong mga uri ng virus. Inererekomenda sa lahat ng 6 na buwan pataas na kumuha ng hindi bababa sa 1 dosis ng binagong bakuna sa COVID-19.
- **Bakuna sa Tdap:** Ang mga mas matatandang bata ay nangangailangan ng isang dosis upang maprotektahan laban sa tetanus, diphtheria at dalahit na ubo. Ito ay kinakailangan para sa mga mag-aaral na papasok sa ika-7 grado.

Tingnan sa inyong distrito ng paaralan kung aling mga bakuna ang kailangan para sa paaralan. Para sa buong listahan ng mga bakuna ayon sa edad at mga iniaatas sa TK/K-12th na mga grado, bisitahin , visit shotsforschool.org.

## Paano Ako Mababakunahan?

- Kausapin ang iyong pediatrician (doktor ng bata) tungkol sa pagbabalik-sa-paaralan at taunang bakuna.
- Kung wala kang tagapangalaga sa kalusugan (a health care provider), pumunta sa http://publichealth.lacounty.gov/vaccines para sa listahan ng mga libre at murang mga klinika sa pagpapabakuna at karagdagang impormasyon tungkol sa mga bakuna.
- Ang pinakamagandang bahagi ay maaari mong makuha ang karamihan sa mga bakuna sa parehong pagbisita! Nangangahulugan ito ng mas kakunting hirap para sa iyong mga anak, at gugugol ka ng mas kaunting oras na malayo sa iyong iba pang mga aktibidad.



### Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Call Center)

Para sa mas maraming impormasyon, ang Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong kalusugan ay bukas ng 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi pitong araw sa isang linggo sa **1-833-540-0473**.